## Hiroshima City & Aki County Konsultasyon Serbisyo Para sa Mga Dayuhan

Ikaw ba ay may suliranin sa pamumuhay dahil wala kang sapat na kaalaman sa wikang Hapon? Maaari kang magkonsulta dito.



- Pananatilihing kumpidensyal ang konsultasyon.
- Hindi kailangan ang bayad para sa konsultasyon.

### Lugar kung saan maaaring magkonsulta

3F ng International Conference Center Hiroshima
(sa City Diversity & Inclusion Division)
1-5 Nakajima-cho, Naka-ku, Hiroshima-shi
(nasa loob ng Peace Memorial Park)

### Mga wika

Espanyol, Intsik, Vietnamese, Portuguese, Ingles, Filipino
* Mangyaring magtanong tungkol sa ibang wika bukod sa nakasulat sa itaas.

### Araw na maaaring magkonsulta

Lunes hanggang Biyernes, mula alas 9:00 ng umaga hanggang 4:00 ng hapon

- Ang wikang Filipino ay naglilingkod tuwing Biyernes at ika-1 at ika-3 Miyerkules ng buwan.
- Mayroon ding on-site consultation ang Aki Ward Office (Espanyol at Portuguese) at Moto-machi Management Office (Intsik).
- Nagsasagawa din ng konsultasyon tungkol sa katayuan ng paninirahan ang kawani ng Regional Immigration Bureau (mangyaring kumuha po ng appointment).
- Para sa mga taong lumipat sa Lungsod ng Hiroshima, ipapaliwanag ng tagapayo ang tungkol sa inyong bagong pamumuhay sa Lungsod ng Hiroshima (mangyaring kumuha po ng appointment).

### Saan maaaring makipag-ugnayan

Tel: 082-241-5010
Email: soudan@pcf.city.hiroshima.jp
Para sa mga detalye, mangyaring tingnan ang website.
https://h-ircd.jp/phi/guide/consultation-phi.html

## Gustong malaman ang higit pa! Pamumuhay sa Lungsod ng Hiroshima

Booklet version
"Patnubay para sa Pamumuhay ng mga Dayuhan"




**Internationalization Division**
**Citizens Affairs Bureau**
**Tanggapan ng Lungsod ng Hiroshima**
**Tel: 082-247-0127**
**Fax: 082-504-2986**
**Email: kokusai@city.hiroshima.lg.jp**



広D5-2025-389(6)



Ang QR Code ay rehistradong trademark ng DENSO WAVE Co., Ltd.


**Filipino**

# Patnubay para sa Pamumuhay ng mga Dayuhan



Lungsod ng Hiroshima

**Mga dayuhang residente!**

## Maligayang pagdating sa Lungsod ng Hiroshima

Mangyaring i-scan ang QR code gamit ang smartphone.
Maaaring makita ang impormasyong mapapakinabangan para makapamuhay sa Lungsod ng Hiroshima.
Maging mas maganda sana ang inyong pamumuhay sa Lungsod ng Hiroshima.



### Mga madalas na katanungan

#### Mga proseso tungkol sa residence

**Q** Gusto kong i-extend ang period of stay ko.
Gusto kong magpalit ng residence status.

**A** Dito para sa mga proseso tungkol sa residence ▶

#### Tungkol sa Pag-aaral ng Wikang Hapon

**Q** Nais kong mag-aral ng wikang Hapon.

**A** May listahan ng mga klase sa Wikang Hapon sa lungsod ng Hiroshima.
Narito ang mga detalye ▶



## Pamumuhay

**Q** Naghahanap ako ng lugar na matitirahan.

**A** Sa mga naghahanap ng matitirahan, narito ang tungkol sa municipal at prefectural housing, apartment, atbp.▶

**Q** Lumipat ako ng tirahan.

**A** Narito ang mga kailangang pamamaraan kapag lumipat ka ng tirahan▶

**Q** Turuan ninyo ako tungkol sa supply ng tubig, kuryente at gas.

**A** Narito ang mga paraan ng pag-aplay at kung saan maaaring makipag-ugnayan▶

**Q** Mangyaring sabihin ninyo sa akin ang paraan ng pagtatapon ng basura.

**A** Narito ang paraan ng pagtatapon ng basura mula sa tahanan, araw ng koleksyon, at paraan ng pagtatapon ng malalaking basura▶

**Q** Gusto kong malaman ang impormasyon tungkol sa lugar kung saan ako nakatira.

**A** Kapag sumali sa lokal na samahan ng mga residente (chounaikai o jichikai), maaaring malaman ang impormasyon tungkol sa araw-araw na pamumuhay, events, atbp. Maaari ring makipagtulungan sa panahon ng sakuna.

## Trabaho

**Q** Naghahanap ako ng trabaho.

**A** May lugar kung saan makakapagkonsulta ang mga taong naghahanap ng trabaho▶

**Q** Mayroon akong suliranin sa trabaho at mga bagay na hindi maunawaan.

**A** Narito ang mga lugar kung saan makakapagkonsulta tungkol sa problema sa trabaho▶

## Pensyon

**Q** Turuan ninyo ako tungkol sa pensyon.

**A** Narito ang mga uri, paraan ng pagsapi, atbp. tungkol sa pensyon▶

## Buwis

**Q** Turuan ninyo ako tungkol sa buwis.

**A** Narito ang mga uri, paraan ng pagbabayad, atbp. tungkol sa buwis▶

## Medikal

**Q** Turuan ninyo ako tungkol sa Medical Health Insurance.

**A** Narito ang mga pamamaraan at paggamit ng Medical Health Insurance▶

**Q** Ano ang dapat kong gawin kapag nais kong pumunta sa ospital sa holiday o gabi?

**A** Narito ang tungkol sa emergency medical care kapag holiday o gabi▶

## Biglaang sakit, sunog, aksidente, atbp.

**Q** Nais kong tumawag ng ambulansya o bumbero. Saan ako dapat tumawag?

**A** **119 (emergency at fire department)**
Mangyaring tumawag sa 119 kapag biglaan nagkasakit o kapag may sunog.

**Q** Naaksidente sa kalsada o sasakyan. Saan ako dapat tumawag?

**A** **110 (pulisya)**
Mangyaring tumawag sa 110 kapag naaksidente sa kalsada o sasakyan, o nagkaroon ng insidente.



## Edukasyon

**Q** Nais kong mag-aral sa paaralan ng Japan.

**A** Narito ang paraan ng pagpasok sa paaralan, atbp. tungkol sa edukasyon sa Japan▶

## Malakas na pag-ulan, bagyo, lindol o iba pang sakuna

**Q** Ano ang dapat gawin bago magkaroon ng malakas na pag-ulan, bagyo, lindol o iba pang sakuna?

**A** Maraming paghahanda ang maaari mong gawin bago may maganap na sakuna. Narito ang mga detalye▶

**Q** Ano ang dapat kong gawin kapag may naganap na sakuna tulad ng malakas na ulan, bagyo, o lindol?

**A** Narito ang mga detalye tungkol sa dapat ninyong gawin, paraan ng pagkolekta ng impormasyon, atbp. kapag nagkaroon ng sakuna▶

## Iba pa

**Q** Gusto kong malaman ang higit pa tungkol sa mga paunawa mula sa Lungsod ng Hiroshima, impormasyong mapapakinabangan sa araw-araw na pamumuhay, impormasyon tungkol sa mga event, atbp.

**A** Mangyaring tingnan ang website ng Hiroshima Peace Culture Foundation City Diversity & Inclusion Division▶